**KRISIS NG DAIGDIG SA COVID-19 DAHIL SA NEOLIBERALISMO**

**Hindi ito ang una ni ang huling beses na babayuhin ang sambayanang Pilipino at ang buong daigdig ng krisis na dulot ng isang sakit o sakuna. Kung kaya, upang mahusay na makapaghanda, maharap at maigpawan ng sambayanan ang krisis na dulot ng mga kaganapang tulad ng paglaganap ng COVID-19, mahalagang masapul na makauri ang epekto nito. Higit na bulnerable at mabigat ang panganib ng pandemya para sa masang anakpawis kaysa sa naghaharing-uring kumukontrol sa rekurso ng bansa. Gayundin, hindi pantay ang bigat ng epekto nito sa isang kapitalistang bayan at isang malakolonyal at malapyudal na bayan.**

**Kung gayon, napakahalagang maikawing ang laban sa COVID-19 sa pangkabuuhang anti-imperyalista at anti-pyudal na paglaban ng mamamayan. Dapat maintindihan ang papel ng mahabang panahong pagpapatupad ng neoliberalismo sa bansa sang-ayon sa imperyalistang balangkas sa malalim na krisis na dinaranas ngayon ng sambayanan.**

**Ang maikling gabay sa talakayan na ito ay nagdidiin sa mga krisis ng monopolyo kapitalismong ibayong tumitingkad sa panahon ng mga pandaigdigang kaguluhan tulad ng COVID-19. Tinatalakay din ang mga epekto ng pagbansot ng neoliberalismo sa sektor ng kalusugan at pangkabuuhang ekonomya ng Pilipinas at kung paano tinanggalan ng kakayahan ang bansang humarap sa mga suliraning humahambalos sa taumbayan.**

**Ano ang kalagayan ng buong daigdig sa harap ng COVID-19?**

Dahil nakabalangkas ang mga gubyerno at ekonomya ng mga bansa sa buong daigdig sa kapitalistang patakarang tugunan ang pangangailangan ng mga dambuhalang korporasyon at dayuhang mamumuhunan sa halip na palakasin ang mga istruktura para sa serbisyong panlipunan at pampublikong sektor, walang sapat na kakayahan ang buong mundong harapin ang paglaganap ng isang pandemyang tulad ng COVID-19. Maging ang mga nangungunang kapitalistang bansa tulad ng US at Tsina ay hindi nakapaghanda sa epekto ng pagparalisa ng COVID-19 sa pandaigdigang ekonomya at galaw ng merkado. Dinaranas ngayon ng imperyalistang US ang mabilis na pagbulusok ng kanyang ekonomya tulad sa panahon ng krisis sa pinansya noong 2008. Ibinunga naman ng naturang pandemya ang pinakamabagal na paglago ng ekonomya ng Tsina sa loob ng 40 taon. Samantala, doble ang epekto ng COVID-19 sa maliliit na bansang matagal nang binansot ng neoliberalismo at walang anumang maaasahang serbisyong pampubliko.





*Fig. 1: Pandaigdigang Krisis dulot ng COVID-19*

Masahol pa, pinalalala ng pasista at militaristang doktrina ng monopolyo kapitalismo ang epekto ng pandemya sa daigdig. Kahit sa gitna ng krisis na dulot ng COVID-19, hindi pa rin bumitiw sa agresyong militar at mga proteksyunistang hakbang ang US. Hindi nito tinanggal ang mga economic sanctions na dati nang ipinataw sa mga bansang itinuturing nitong banta sa kanyang hegemonya at hindi tumatalima sa kanyang mga patakaran. Sa halip na makibahagi sa pandaigdigang pagharap sa pandemyang nananalasa ngayon sa higit 192 bansa, sinunggaban ng US ang pagkakataon upang patindihin ang panggigipit sa mga pambansang ekonomya.




**Ano ang kalagayan ng Pilipinas sa harap ng COVID-19?**

Bilang isa sa mga pinakatapat na tagapagpatupad ng tulak-neoliberal na patakaran ng imperyalistang US, dati nang mabuway ang ekonomya ng bansa. Bago pa man ang COVID-19, dinaranas na ng masa ang palagiang krisis na dulot ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Sa harap ngayon ng pagkalat ng COVID-19, tiyak na titindi ang krisis at matagal na daranasin ng ekonomya ng bansa ang mga epekto ng pandemya.

Nakasalig ang paglago ng ekonomya ng bansa sa mga artipisyal na salik tulad ng turismo, imprastruktura at remitans mula sa ibayong-dagat. Ang mga ito ay karugtong ng galaw ng pandaigdigang merkado kung kaya walang makabuluhang magagawa ang reaksyunaryong gubyerno upang pasiglahin ang mga sektor na ito sa gitna ng krisis sa COVID-19. Hindi rin maasahan ang mga sektor ng agrikultura at pambansang industriyang siya sanang pundasyon ng ekonomya ng Pilipinas dahil matagal na itong pinabayaan ng gubyerno at ipinaubaya sa mga dayuhang mamumuhunan at lokal na naghaharing-uri.






*Fig. 2: Inaasahang Pagkalugi sa Pilipinas dahil Covid-19*

Higit pa, hindi ang mga panginoong may-lupa, malalaking burgesya kumprador at burukrata kapitalista ang makakaramdam ng epekto ng COVID-19 sa ekonomya ng bansa. Ang masang anakpawis na dati nang pinapatay sa gutom ng mga neoliberal na patakaran ang babalikat ng higit pang masidhing kahirapang dala ng COVID-19.

Sa sektor ng agrikultura, isa sa mga pinakatampok na neoliberal na patakaran ng rehimeng US-Duterte ang pagpapatupad ng Rice Liberalization Law noong 2018. Sa loob pa lamang ng isang taong pagpapatupad nito, nalugi ang mga magsasaka sa buong bansa ng

aabot sa P68 bilyon. Maraming mga sakahan ang sapilitang isinailalim sa kumbersyon ng lupa at libu-libong magsasaka ang nawalan ng kabuhayan. Linulumpo ng batas na ito ang lokal na produksyon ng palay at pinaaasa na lamang ang suplay ng bigas sa inaangkat na produkto. Mataas nang 275% ang bolyum ng inangkat na bigas ng bansa nitong 2019 kaysa noong 2017.




Ngayong buong daigdig ang apektado ng COVID-19 at naghihigpit sa pagluluwas ng mga produkto, malaki ang posibilidad na magkaroon ng krisis sa suplay ng bigas sa bansa kung magtatagal pa ang pananalasa ng COVID-19. Dahil Pilipinas ang nangungunang importer ng bigas sa buong mundo, tiyak na ang bansa ang pinakamabigat na daranas ng kakulangan sa suplay ng bigas. Noong Pebrero, 209,320 MT na lamang ang bolyum ng bigas na kinayang i-angkat dahil sa pagsasara ng mga daluyan dulot ng COVID-19. Mababa ito ng 61.8% kaysa sa kinailangang i-angkat noong nakaraang taon. Ngayong Abril pa lamang, kulang na ng 18 araw ang dapat ay minimum na panigurong suplay ng bigas ng bansa.

Hindi na rin maaasahan ang kitang dati ay ipinagyayabang ng gubyernong nanggagaling sa taripa ng inaangkat na bigas. Sa pagbagsak ng bolyum ng inaangkat na bigas ngayong unang kwarto ng taon, bumagsak din ng 23.1% ang taripang nakolekta mula sa pumasok na bigas. Hindi rin maaasahang makasuporta ang Department of Agriculture dahil P56.8 bilyon ang pondong ilinaan para rito sa taong 2020.

Gayundin, dulot ng kawalan ng makabuluhang reporma sa lupa at tulong ng gubyerno sa sektor ng agrikultura, matagal bago makabangon ang sektor ng agrikultura mula sa epekto ng mga sakuna at iba pang salik. Nangangahulugan ito ng patung-patong na pasanin para sa mamamayang bumabawi pa lamang mula sa pagkalugi ay muli na namang magagambala ang kabuhayan.

Sa rehiyon, umabot ng P9 bilyon ang danyos na idinulot ng Bagyong Tisoy noong Disyembre. Dulot nito, nagdeklara ng anim na buwang red alert ang prubinsya ng Camarines Sur. Ngunit hindi pa nga natatapos ang idineklarang red alert, kinaharap naman ng masa ang paglaganap ng African Swine Flu sa naturang prubinsya. Ngayon Marso, umabot sa 3,214 baboy ang pinatay dahil sa nabanggit na sakit. Daragdag pa sa pasakit na ito ang lampas isang buwang pagkaantala ng produksyon dahil sa COVID-19.

Sa sektor ng industriya, tinatayang aabot sa 87,000 hanggang 252,000 trabaho ang mawawala sa sektor ng turismo, manupaktura at agrikultura sa loob pa lamang ng dalawang buwang pananalasa ng COVID-19. Noong Pebrero, nagtanggal na ng 300 empleyado ang Philippine Airlines dahil sa pagbaba ng kita ng naturang kumpanya dulot ng COVID-19.

Samantala, sa buong Luzon, 3 sa bawat limang manggagawang hindi regular at nasa impormal na sektor ang nanganganib na mawalan ng trabaho at kabuhayan dahil sa ipinatupad na lockdown laban umano sa COVID-19. Katumbas ito ng aabot sa 14.4 milyong manggagawa.

*Talahanayan 1: Bilang ng mga apektadong manggagawa batay sa uri ng trabaho*

| | |
|---|---|
| Construction | 2.4 milyon |
| Wholesale and retail trade (50% ang apektado) | 2.4 milyon |
| Transport and storage (75%) | 1.5 milyon |
| Accommodation and food service (75%) | 891,000 |
| Other service (50%) | 832,000 |
| Information & communication and administrative & support service (50%) | 731,000 |
| Manufacturing (25%) | 618,000 |
| Agricultural (10%) | 395,000 |
| Real estate and professional, scientific & technical | 381,000 |
| Education (50%) | 360,000 |
| Arts, entertainment and recreation | 269,000 |
| Public sector (10%) | 132,000 |
| Financial (25%) | 95,000 |
| Health and social work (10%) | 34,000 |
| Mining and quarrying (25%) | 24,000 |
| Utility (10%) | 10,000 |

Sa rehiyon, halos 9 sa bawat 10 manggagawa ang apektado ang kabuhayan dahil sa COVID-19. Sila ang mga manininda sa mga bangketa, gilid-kalsada, jeepney o tricycle driver at iba pa. Dahil sa tipo ng kanilang kabuhayan, hindi saklaw ang mga manggagawa sa naturang sektor ng anumang proteksyon ng alinmang batas sa paggawa. Sa pananalasa ng COVID-19, higit na bulnerable ang mga nasa sektor na ito. Hindi sila sakop maging ng kakarampot na ayudang magmumula umano sa Department of Labor and Employment (DOLE). Higit pa, tuluyang napilay ang kanilang kabuhayan sa loob ng panahong ipinapatupad ang lockdown. Ang mga manggagawang ito ay dati nang kapos ang kita at walang seguridad sa trabaho.

Bago pa man ang COVID-19, mayroon nang malaking kakulangan sa trabaho sa rehiyon. Ang tanging tugon ng gubyerno ay i-alok ang mga trabahong magmumula umano sa pagbwelo ng konstruksyon sa ilalim ng Build, Build, Build. Sa pagkaantala ng mga konstruksyon sa rehiyon, maging ang mga pansamantalang trabahong ito ay mawawala sa mga masang Bikolano.





*Fig. 3: Bilang ng Apektadong Manggagawa sa mga Pormal na Sektor sa Bikol dahil sa COVID-19*

**Ano ang patakaran ng Rehimeng US-Duterte sa paglaban sa COVID-19?**

Nagdudumilat ang kainutilan ng rehimeng US-Duterte sa pagharap sa COVID-19. Kalagitnaan pa lamang ng Enero, mayroon nang ilinabas na alerto ang World Health Organization hinggil sa noon ay epidemya pa lamang na COVID-19 sa Wuhan, Tsina. Ngunit minaliit ng rehimeng US-Duterte ang naturang sakit at pinahintulutan pa rin ang pagpasok ng mga byaherong Tsino sa bansa. Hinikayat pa nga ni Duterte ang pagpasok ng mga turista dahil kailangan umano ito ng ekonomya ng bansa.

Noong Pebrero 28, isang linggo lamang bago ang unang kaso ng local transmission ng COVID-19, buong kapalpakan pang nagplano ang rehimen ng isang nationwide mall sale na tinaguriang March 2020 Philippine Shopping Festival upang humikayat pa ng mga turista at mapangibabawan umano ang nawawalang kita sa turismo.

Sa halip na maglatag ng mga paunang hakbang upang pigilan ang pagpasok ng COVID-19 sa bansa at agapan ang posibleng pagkalat nito, nagpatuloy lamang ang rehimen sa pagpapatupad ng mga neoliberal na programa nito. Noong Pebrero 25, nakipagpulong pa si Duterte sa tagapangulo ng Asian Development Bank upang muling umutang para sa kanyang programang Build, Build, Build.

Sinamantala ni Duterte ang pagkakataon upang magpalusot ng dagdag pang neoliberal na mga batas. Pinakamasahol sa mga ito ang patraydor na pagpapasa ng mga amyenda sa Public Service Act. Sa bisa ng mga naaprubahang amyenda, tatanggalin mula sa listahan ng mga protektadong serbisyong pampubliko ang telekomunikasyon at transportasyon at tuluyang magpapahintulot sa 100% dayuhang pag-aari.


Sinunggaban din ni Duterte ang kaguluhan sa COVID-19 upang paigtingin ang kanyang pasistang panunupil. Noong Pebrero 26, nakapasa sa Senado ang Senate Bill 1083 - Anti-Terrorism Act of 2020 na nagpapasahol pa sa dati nang mapanupil at kontra-mamamayang Human Security Act of 2007.

Nang tuluyan ng mapabalita ang paglaganap ng COVID-19 sa bansa ngayong Marso, nagkandaugaga ang inutil na rehimen sa paghahagilap ng maaaring solusyon. Ngunit dahil dati nang kalunus-lunos at matagal nang isinasantabi ang pagpapatatag sa mga pundasyon sa sektor ng kalusugan, walang anumang rekursong maasahan ang mamamayan.


Walang sapat na pondo ang sektor ng kalusugan. Mula 2017, sunud-sunod na bawas sa pondo ang naranasan ng Department of Health. Hindi rin inaprubahan nang buo ang

hinihingi ng DOH na P2.35 bilyon dagdag na pondo para sa COVID-19. Hindi rin pinrayoridad ang sektor ng kalusugan kahit sa P27 bilyong pondong ilalaan umano para sa mga sektor na maaapektuhan ng pandemya.

Tsart 2. Pondo ng DOH vs Pondo ng DND-DILG




Tsart 3. Dagdag na Pondo sa DOH vs Dagdag na Pondo sa Pasismo







Fig. 4: *Pagkahati-hati ng P27 bilyong pondo para sa pagharap sa COVID-19*

Pribado ang mga ospital at walang sapat na mga barangay health clinic. Kulang ang mga kagamitang medikal at ang mga manggagawang pangkalusugan nakatutok sa sakit. Walang akses ang masa sa abot-kayang serbisyong medikal. Sa gitna ng pagdami ng bilang ng mayroong COVID-19 ay tumigil na rin sa pagtanggap ng pasyente ang ilang pribadong ospital.

| KAILANGANG BUDGET PARA SA 5,000 HEALTH WORKERS SA LOOB NG 90 NA ARAW | BUDGET NA NILAAN PARA SA PASISMO SA MAMAMAYAN |
|---|---|
| **P3.4 BILYON** | **P5.122 BILYON** |
| - **P2.35B** Personal protective equipment (PPE) para sa mga doctor, nars, at iba pang frontliner<br>  ▪ Headgear, googles, N95 masks<br>  ▪ Gloves, shoe covers<br>  ▪ Overall gowns, aprons<br>- **P933M** Maintenance at iba pang gastos sa operasyon + suweldo ng mga tauhan ng Bureau of Quarantine<br>- **P139M** Testing kits (40,000 piraso) | - **P4.5B** Budget para sa Tanggapan ng Pangulo<br>  ▪ **P2.25B** para sa Intelligence Funds<br>  ▪ **P2.25B** para sa Confidential Funds<br>- **P622M** Budget para sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict |

Fig. 5: Kailangang Pondo para sa COVID vs Pondong Winawaldas para sa Pasismo

Dulot nito, hungkag na panawagan para sa 'isolation' at 'social distancing' na lamang ang naging hakbangin ng rehimen. Pinahinto ang pampublikong transportasyon at pinatigil ang pagbyahe. Isinailalim sa iba't ibang antas ng lockdown ang buong bansa at pinuno ng mga checkpoint ang bawat bayan. Nagdeploy ng puu-puong libong pulis at militar kapwa sa kanayunan at kalunsuran upang tumulong umano sa pagpapatupad ng lockdown.

Ngunit alam din naman ng rehimeng sadyang mabibigong tugunan ng panawagang lockdown ang problema dahil hindi nakahanda ang mga rekisitos para rito. Hindi sapat sa pang-araw-araw na gastusin ang kita ng mga manggagawa at magsasaka laluna para sa

lampas isang buwang pagkaantala ng kanilang kabuhayan. Kulang ang pampublikong pasilidad ng bansa para sa ipinamamaraling 'social distancing'. Hindi makaliligtas ang masa mula sa pagsiksik sa alinman sa kanyang karaniwang aktibidad mula pagbyahe hanggang pagpasok sa trabaho dahil walang maayos na panirahan, walang maayos na pampublikong transportasyon, walang sapat na pasilidad para sa mga maysakit, walang sapat na espasyo sa mga eskwelahan at pagawaan.

Hindi masolusyunan ng rehimen ang krisis na dinaranas ng masa sa panahon ng lockdown kahit sa kabila ng pagpapatupad nito ng P275 bilyong Social Amelioration Program (SAP). Sa bisa ng SAP, makatatanggap umano ng P5,000 hanggang P8,000 ayuda ang bawat pamilyang apektado ng COVID-19. Sa aktwal na pagpapatupad nito, hindi lahat ng nangangailangan ay makatatanggap ng ayuda. Hindi kasabay sa listahan ang mahihirap na pamilyang dati nang nakatatanggap ng 4Ps maging ang mga magsasakang mayroong lampas sa isang ektaryang lupaing sinasaka. Irinereklamo rin ng masa at ng mga lokal na yunit ng gubyerno ang mga kumplikadong dokumentong hinihingi at pondong kulang sa bilang ng itinakdang mabibigyan.

Sa tindi ng anomalya at korupsyon sa pagpapatupad ng SAP, malinaw na ginamit lamang itong palamuti upang kagyat na maipasa at pabanguhin ang ipinanukalang dagdag-poder para kay Duterte. Ipinasa ngayong Marso ang Bayanihan to Heal As One Act na nagbigay ng halos walang limitasyong kapangyarihan kay Duterte upang magpasa at magwasiwas pa ng dagdag na panunupil at pang-aatake laban sa mamamayan.

Ang totoo, sinasakyan lamang ng rehimen ang COVID-19 upang mailusot pa rin ang mala-Martial Law na panunupil sa buong bansa habang walang anumang makabuluhang hakbang sa pagharap ng sakit. Noong Marso 15, nangunguna na ang Pilipinas sa mga bansang mayroong pinakamataas na tantos ng namamatay dahil sa COVID-19.

*Talahanayan 2: Apektadong Bansa ng COVID-19 Batay sa Porsyento ng mga Namatay (datos noong Marso 15, 2020)*

| | *Bansa* | *Kumpirmdong Kaso* | *Namatay* | *Porsyento ng Namatay* |
|---|---|---|---|---|
| 1st | Pilipinas | 140 | 12 | 8.6% |
| 2nd | Iraq | 110 | 9 | 8.2% |
| 3rd | Italy | 21,157 | 1,441 | 6.8% |
| 4th | San Marino | 80 | 5 | 6.3% |
| 5th | Iran | 12,729 | 611 | 4.8% |

Liban sa pasismo ay pinatinding neoliberalismo pa ang naisip na solusyon ng inutil na rehimen. Mistulang bulag sa epekto ng neoliberalismo sa pagpapalala ng krisis ng COVID-19 ang National Economy and Development Authority (NEDA) sa pagpapahayag na mapangingibabawan ang epekto ng COVID-19 sa bansa sa pamamagitan ng paghikayat sa mga empresang Tsinong magsasara sa Tsina patungo sa Pilipinas. Ayon pa sa ahensya, upang mangyari ito dapat unahin ng Kongreso ang pagpapasa sa mga amyenda sa Foreign Service Act, Public Service Act at Retail Trade Liberalization Act na magbubukas pa lalo ng pambansang ekonomya sa dayuhang pamumuhunan.

**Ano ang dapat gawin?**

Ang inutil, papet at pasistang rehimeng US-Duterte ay higit na mapanganib sa sambayanang Pilipino kaysa COVID-19. Sa ubod ng krisis sa COVID-19 ay ang katotohanang walang ni kaunting kakayahan ang reaksyunaryong gubyernong tumindig para sa kanyang nasasakupan. Matagal nang hindi nagsisilbi sa interes ng sambayanan ang ekonomya ng Pilipinas.

Sa buong daigdig, dati nang nangangamatay ang masang anakpawis. Mayroon man o walang pandemyang tulad ng COVID-19, ang kagutuman at kahirapang dulot ng sistemang monopolyo kapitalismo ang pangunahing pumapatay ng mga mamamayan sa buong daigdig.

Ang dinaranas na krisis ng bansa at ng buong daigdig dahil sa COVID-19 ang larawan ng sistemang isinasantabi ang kahingian ng sambayanan para mapagbigyan ang layaw at interes ng iilang naghaharing-uri. Sa ilalim ng monopolyo kapitalismo, sistematikong yinuyurakan ang mga serbisyong panlipunan at pampublikong kagalingan upang mabigyang-puwang ang malalaking negosyo at dayuhang panghihimasok habang ilinuluklok ang mga inutil at utak-pulburang papet na tatalima sa atas ng kanilang imperyalistang amo. Sadyang walang masasandigan ang masa sa isang sistemang pinagagana ng kaguluhan, karahasan, kaganiran, pang-aapi at pagsasamantala kung hindi ang kanyang organisadong lakas.

Kung kaya sa kagyat, dapat palaganapin ang anti-imperyalista, anti-pasista at anti-pyudal na paglaban ng mamamayan habang tinitiyak na nakatutulong sa paghahatid ng serbisyong pangkalusugan laban sa COVID-19. Imaksimisa ang iba't-ibang daluyan na pwedeng abutin tulad ng paggamit sa *social media*, pagtawag at pag-text sa mga istasyon ng radyo upang ipaabot ang epekto ng lockdown sa kabuhayan at paggiit ng mass testing centers mula sa antas-barangay. Ipanawagan din ang pamamahagi ng libreng gamot at bitamina laluna para sa mga nakatatanda. Ipanawagan ang malawakang pagsasagawa ng information drives, sanitation drives at medical missions, kasabay ang paglalaan ng badyet para sa implementasyon ng mga ito sa halip na pasismo at neoliberalismo laban sa mamamayan. Dapat manatiling mapagmatyag ang mamamayan sa abusong militar at iba pang paglabag sa karapatang tao sa panahon ng lockdown tulad ng blokeyo ng pagkain. Paganahin ang mga text brigade team para isiwalat ang mga kaso ng pang-aabuso at paglabag sa karapatan. Ilantad din ang rehimen sa pagpapalusot nito ng mga neoliberal at pasistang atas sa panahong nananalasa ang COVID-19 sa bansa.

Ipanawagan din ang pagpapatigil ng malawakang pagtatanggal ng mga manggagawa. Dapat igiit din ang pagpapasahod at karampatang kumpensasyon sa panahon ng lockdown para sa mga manggagawa kapwa sa pormal at impormal na sektor, manggagawa sa pribadong sektor at mga empleyado ng gubyerno. Mahigpit ding ipanawagan ang pagbibigay ng pinansyal na ayuda sa mga magsasaka at sa mga maralitang lunsod na pinakabulnerable sa pananalasa ng COVID-19.

Dapat paganahin ang mga grupong tulungan, kooperatiba, organisasyong masa sa kanayunan at kalunsuran, komiteng rebolusyonaryo, yunit ng Hukbo at sangay ng Partido sa pagsasagawa ng mga naaangkop na hakbangin upang mapangibabawan ang epekto ng inutil at pasistang tugon ng rehimeng US-Duterte sa COVID-19. Dapat pahigpitin ang pakikipag-ugnayan sa lahat ng sektor ng lipunan at hikayatin silang tumulong sa mga pagsisikap na labanan ang COVID-19.

Sa huli, walang ibang pangmatagalang solusyon laban sa COVID-19 at sa krisis na dinaranas ng masa dulot ng neoliberal na mga patakaran kung hindi ang paigtingin ang pagsusulong ng matagalang digmang bayan. Tanging sa tagumpay nito maitatayo ng sambayanang Pilipino ang isang rebolusyonaryong estadong nagpapatupad ng programa sa pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa upang radikal na mabago ang buhay at kabuhayan ng mamamayan.

Ang pagsusulong at pananagumpay ng Rebolusyong Pilipino ay ang pinakamataas na ambag ng sambayanan sa pandaigdigang pagkilos ng mamamayan laban sa imperyalismo. Sa pagwawakas ng sistemang ito at sa pagpupundar ng mga sosyalistang lipunan maititindig ang mga ekonomyang mayroong tunay na matatag na pundasyon at kakayahang humarap sa mga pandemyang tulad ng COVID-19.